

Ika Walumpu't Walo (88) na “NIC Nihongo no Kai”

Ito ang Nihongo Class para sa mga matanda at gaganapin sa pagitan ng Septyembre at Nobyembre. Para maiwasan ang paglaganap ng COVID-19, gaganapin ito sa paraang nakatala sa ibaba.

*Paalala: Ang paraan ng aplikasyon hanggang ngayon ay nakabase ang pagbabago ayon sa kapasidad.

<APLIKANTE> Dayuhan (Hindi maaaring lumahok ang mga Junior at Senior High School.
Prayoridad dito ang mga naninirahan sa lungsod ng Nagoya)

<ITINAKDANG PETSAS> Tuwing Linggo · 3 buwan (Septyembre 20 ~ Nobyembre 22) (90 minutos
× 10 beses na pagpupulong)

KURSO	ORAS	BILANG	APLIKANTE
KAIWA KISO	10:00~11:30	10	Para sa mga taong mag-aaral pa lamang ng Nihongo. Magsasagawa ng pagsasanay sa pagbati at mga madaling salita at pakikipag-usap. *Hindi na mahalaga ang karunungan sa pagbabasa at pagsusulat ng mga titik at karakter.
	12:00~13:30	18	
	14:00~15:30	10	
KAIWA I	10:00~11:30	16	Para sa mga natapos ang KAIWA KISO o kaparehong level. Magsasanay ng halimbawa sa pagbuo ng pangungusap na pang beginner level na gagamitin sa pakikipag-usap.
KAIWA II	10:00~11:30	10	Para sa mga natapos ang KAIWA I o kaparehong level. Magsasanay ng halimbawa sa pagbuo ng pangungusap na gagamitin sa pakikipag-usap na hindi napag-aralan sa KAIWA KISO at KAIWA I.
	12:00~13:30	10	
KAIWA III	14:00~15:30	15	Para sa mga natapos ang KAIWA II o kaparehong level. Pag-aaralan dito ang praktikal na nilalaman na naaayon sa tema kasunod ng KAIWA I at II. Magsasaad ng sariling opinyon tungkol sa kultura at kaugalian ng bawat isa.
KANA	14:00~15:30	9	Para sa mga nais mag-aral ng Hiragana at Katakana. Sasanayin dito ang paraan sa pagsusulat ng Hiragana at Katakana. Magsasanay ng pagbigkas gamit ang madadaling salita at magsasanay sa pagsusulat at pagbasa ng madaling pangungusap.

*Lahat ay pag-aaralan sa wikang Hapon. Hindi gagamit ng sariling wika.

<Participation at Textbooks Fee>

Participation : 2,500 yen / Textbook : KAIWA KISO CLASS 1,000 yen at iba pang CLASS ay 500 Yen

☆Ang tuition fee at ang bayad para sa mga materyales ay non-refundable.

<Aplikasyon at Panayam>

SCHEDULE

Sept. 6 (Linggo) 12:00~14:00	Sa online ang tanggapan ng aplikasyon
Sept. 6 (Linggo)~Sept. 9 (Miyerkules)	Makakatanggap kayo ng confirmation mail mula sa NIC. Kung walang natanggap, tumawag lamang sa NIC.
Sept. 13 (Linggo)	Panayam Oras : 10:00 / 12:00 / 14:00 (Nakasulat ito sa mail mula sa NIC) Lugar : Nagoya International Center 5 th floor Bagay na Dadalhin : Participation at Textbooks Fee

*Basahing mabuti ang detalye sa likod.

Aplikasyon 【Online】 Sept. 6 (Linggo) 12:00~14:00



- ① Mag-apply sa pamamagitan ng Application Form na makukuha sa website ng NIC.
- ② Ang schedule ng panayam at oras ay ipagbibigay-alam sa inyo ng NIC.

*Maaring mag-apply hanggang 2 class ang 1 tao.

- Hindi maaaring mag-apply ng 2 class sa magkasabay na oras.
- Hindi maaring mag-apply ng 2 conversation class. At hindi rin maaring mag-apply ng 2 KANJI / KANA class

れい (例)	○	Aplikasyon sa 「KAIWA KISO」 at 「KANA」
	×	Aplikasyon sa 「KAIWA KISO」 10am at 「KAIWA KISO」 12pm
	×	Aplikasyon sa 「KAIWA II」 10am at 「KAIWA III」

- Ang pag-apply sa klase, prayoridad dito ang nagnanais makapasok sa ika-unang klase.

*Gawin ang approval sa settings upang makatanggap ng notification mail 「@nic-nagoya.or.jp」 mula sa NIC.

Tanggapan sa Karagdagang Aplikasyon 【E-mail】

Septiyembre 9 (Miyerkules) 12:00~Septiyembre 12 (Sabado) 12:00

*may deadline sa oras na umabot na sa kapasidad

Kapag hindi napuno ang kapasidad ng klase sa Septiyembre 6 (Linggo), tatanggap muli bilang karagdagan sa kapasidad.

*Para sa klase na mayroong tanggapan ng aplikasyon ay makikita sa website ng NIC mula 12PM Septiyembre 9 (Miyerkules).

- ① Mangyaring mag-apply sa pamamagitan ng email vol@nic-nagoya.or.jp

Isulat sa subject ang 「09nihongo」

Isulat sa email ang PANGALAN, NASYONALIDAD, SARILING WIKA, EDAD, ADDRESS, TELEPONO, at ANG NAIS PASUKANG KLASE.

- ② Ipagbibigay alam sa inyo ng NIC ang pagkakasunod-sunod ng panayam at oras nito.

Panayam pumunta mismo sa NIC】 Septiyembre 13 (Linggo) 10:00 / 12:00 / 14:00

- Pumunta lamang sa NIC 5th Floor, ang oras ay nakasulat sa mail na natanggap matapos mag-apply
- **Gagawin ang palabunutan** matapos ang panayam kapag marami ang bilang ng mga nagsumite ng aplikasyon.
- Para sa mga natanggap, maaari ng bayaran ang Participation at Textbooks Fee. Kung kaya't ihanda ang pambayad bago pumunta. (Mangyaring maghanda ng sapat na pambayad upang hindi na suklian)

<Walang panayam o klase sa mga sumusunod>

- Sa oras na maglabas ng impormasyon ang bansa na mangyayari ang malakas na lindol.
- Kapag mayroong lumabas na alarma para sa malakas na hangin (Bofu keiho) ng alas 8 ng umaga sa lungsod ng Nagoya, walang pasok ang lahat ng klase sa araw na iyon.
- Kapag may papalapit na bagyo, ititigil ang mga klase sa oras na lumabas ang alarma para sa malakas na hangin (Bofu keiho) sa lungsod ng Nagoya..

*Sa oras na magpasya ang Nagoya International Center na itigil.

Nagoya International Center 4F 「NIC Nihongo no Kai」

TEL 052-581-5689

<https://www.nic-nagoya.or.jp/> o <http://www.nic-nihongonokai.info/>

Ⓒ 本事業は、名古屋市の指定管理事業です。